

Mapagkukunang Gabay para sa Mga Imigrante

Mga Programa at Serbisyo na Hinahandog ng



at ng Mga Katuwang sa Komunidad

MGA LOKASYON NG TANGGAPAN NG SSA

Oras ng Opisina

Lunes hanggang Biyernes
8:30 am - 5:00 pm

North County Self-Sufficiency Center

2000 San Pablo Ave.
Oakland, CA 94612

Eastmont Self-Sufficiency Center

6955 Foothill Blvd., Suite 100
Oakland, CA 94605

Enterprise Self-Sufficiency Center

8477 Enterprise Way
Oakland, CA 94621

Eden Area Multi-Service Center

24100 Amador St.
Hayward, CA 94544

Tanggapan sa Fremont

39155 Liberty St., Suite C330
Fremont, CA 94536

Tanggapan sa Livermore

2481 Constitution Drive, Suite B
Livermore, CA 94551

Website:

www.alamedasocialservices.org

Call Center para sa Serbisyo sa Customer:

(510) 263-2420 or (888) 999-4772

211 Alameda County

I-dial ang 2-1-1 para sa libre at kumpidensyal na impormasyon at mga referral sa pabahay, kalusugan at mga serbisyong panlipunan. Makakausap nang 24 na oras araw-araw, 7 araw sa isang linggo.

MGA NILALAMAN:

Tulong sa Pagkain	2
Tulong na Pangmedikal	2
Tulong na Salapi	2
Pang-emergency na Tulong sa Pag-upa	4
Mga Serbisyo sa Trabaho	4
Mga Serbisyo sa Nasa Hustong Gulang at Matanda	6
Mga Serbisyo sa Mga Bata at Pamilya	7
Walang Gastos na Paghahanda ng Buwis	9
Mga Mapagkukunan ng Impormation at Suporta sa Komunidad	9

MAHALAGA

- Hindi nagbago ang mga patakarang para sa mga benepisyong pampubliko.
- Ang impormasyong ibinigay sa SSA ay kumpidensyal at ginagamit lang para malaman ang pagiging nararapat na tumanggap ng benepisyo.
- Maaaring magpatuloy ang mga indibiduwal at mga pamilya sa pag-aapply para sa mga benepisyo at serbisyo kung kinakailangan.
- Huwag magbayad ng sinuman para tulungan ka sa pagkumpleto ng mga application para sa mga programa at serbisyo ng SSA. Narito kami para tulungan kang mag-apply!

TULONG SA PAGKAIN

CalFresh (dating kilala bilang mga Food Stamp) - Tulong sa Nutrisyon

Nagbibigay ang CalFresh ng buwanang tulong sa nutrisyon sa mga indibiduwal at pamilyang mababa ang kita para makabili ng masustansiyang pagkain. Nakukuha ang mga benepisyo ng CalFresh gamit ang isang EBT (Electronic Benefits Transfer) na card.

Pagiging Nararapat: Mga U.S. citizen at legal na permanenteng residente

PAANO MAG-APPLY:

- **Sa personal** sa kahit saang lokasyon ng tanggapan ng SSA
- **Sa telepono:** 1-888-999-4772 or 510-263-2420
- **Sa online:** mybenefitscalwin.org

Linya para sa Tulong sa Electronic Benefits Transfer (EBT)

(kung nakakaranas ka ng mga isyu sa iyong card): 1-877-328-9677

Para sa higit pang impormasyon:

Website: www.alamedasocialservices.org/public/services/food_assistance/index.cfm

Programa para sa Tulong sa Pagkain ng California (California Food Assistance Program, CFAP) - Tulong sa Nutrisyon

Tulong na pinopondohan ng estado para sa mga kwalipikadong hindi citizen, na hindi kwalipikado para sa mga pederal na benepisyo, para makabili ng masustansiyang pagkain.

Pagiging Nararapat: Karamihan ng mga Imigrante – Mga Legal na Permanenteng Residente

PAANO MAG-APPLY:

- **Sa personal** sa kahit saang lokasyon ng tanggapan ng SSA
- **Sa telepono:** 1-888-999-4772 or 510-263-2420
- **Sa online:** mybenefitscalwin.org

Para sa higit pang impormasyon:

Website: <https://california-foodstamps.org/calfresh-for-non-citizens.html>

TULONG NA PANGMEDIKAL

Medi-Cal – Access sa Pangangalagang Pangkalusugan

Libre o mababang halagang coverage sa kalusugan para sa mga bata, pamilya, matanda at mga taong may mga kapansanan na may limitadong kita at mapagkukunan.

Pagiging Nararapat: Mga U.S. citizen at legal na permanenteng residente

PAANO MAG-APPLY:

- **Sa personal** sa kahit saang lokasyon ng tanggapan ng SSA
- **Sa koreo:** Tumawag sa 510-777-2300 o 1-800-698-1118 (walang bayad) para humingi ng isang Medi-Cal Mail-In Application at booklet para sa mga Instruksiyon.
- **Sa online:** mybenefitscalwin.org o sa pamamagitan ng Covered California sa CoveredCa.com

Website: www.alamedasocialservices.org/public/services/medical_and_health/families_with_children.cfm

TULONG NA SALAPI

Refugee Cash Assistance (RCA)

Nagbibigay ng tulong na salapi at pangmedikal (Programa na Tulong na Pangmedikal para sa Refugee) para sa mga hindi citizen na refugee na walang mga anak na hindi nararapat para sa anumang iba pang tulong na salapi. Ang mga nararapat na indibiduwal ay maaaring tumanggap ng RCA, Medi-Cal at CalFresh sa unang walong buwan sa Estados Unidos. Ang mga kliyente ng RCA ay dapat magparehistro para sa at lumahok sa pagsasanay at mga serbisyo sa trabaho bago maaprubahan ang tulong.

Pagiging Nararapat: Mga hindi citizen na refugee na hindi nararapat para sa CalWORKs. Ang pagiging nararapat ay depende sa mga kalagayan ng mga indibiduwal na pangyayari.

PAANO MAG-APPLY:

- Ang mga indibiduwal na gustong mag-apply para sa RCA ay dapat magsumite ng isang CalWORKs application nang personal sa isang lokasyon ng tanggapan ng SSA o sa online sa mybenefitscalwin.org

Website: www.alamedasocialservices.org/public/services/financial_assistance/refugee_cash_assistance.cfm

– Ipinagpatuloy ang TULONG NA SALAPI –

Programa ng Tulong na Salapi para sa mga Imigrante (Cash Assistance Program for Immigrants, CAPI)

Ang CAPI ay nagbibigay ng mga benepisyo para sa mga legal na hindi citizen na nangangailangan ng pera na hindi nararapat para sa pederal na Supplemental Security Income (SSI) dahil sa kanilang katayuan sa imigrasyon. Ang pagiging nararapat ay depende sa mga kalagayan ng mga indibiduwal na pangyayari.

Pagiging Nararapat:

Bulag o may kapansanang mga imigrante anuman ang edad o matanda na nasa edad na 65 at mas matanda na

- Nararapat tumanggap ng Supplemental Security Income/State Supplementary Payment (SSI/SSP) dahil sa kanilang katayuan sa imigrasyon AT
- Mayroong limitado o walang kita, ang pinagsamang mga asset ay wala pa sa \$2,000 kung walang asawa, at hindi hihigit sa \$3,000 kung may asawa.

PAANO MAG-APPLY:

- **Sa personal** sa kahit saang lokasyon ng tanggapan ng SSA

Para sa higit pang impormasyon:

Nirekord na impormasyon: Tumawag sa 1-800-648-0954 o 510-268-2332

Website: www.alamedasocialservices.org/public/services/financial_assistance/cash_assistance_program_for_immigrants.cfm

Mga Pagkakataon sa Trabaho at Mga Responsibilidad sa mga Bata sa California (California Work Opportunities and Responsibilities to Kids, CalWORKs)

Nagbibigay ng tulong na salapi na may limitadong panahon, mga serbisyo ng suporta sa trabaho, at/o mga serbisyo sa walang tahanan batay sa kita ng indibiduwal at pamilya, sa mga nararapat na pamilya na may (mga) anak sa tahanan.

Ang mga tumatanggap ng CalWORKs, maliban kung hindi kasama, ay kailangang lumahok sa mga aktibidad ng Welfare-to-Work (WtW) o nagtatrabaho nang 20 oras bawat linggo para sa mga pamilya na isa ang magulang na may anak na wala pa sa edad na 6; 30 oras bawat linggo para sa

– Ipinagpatuloy ang TULONG NA SALAPI –

single-parent na mga pamilya na walang anak na wala pa sa edad na 6, at 35 oras bawat linggo para sa mga pamilya na may dalawang magulang.

Pagiging Nararapat:

Mga residente ng California na

- Mga U.S. citizen;
- Mga hindi citizen na legal na residentel
- Mga kwalipikadong hindi citizen; o
- Mga biktima ng human trafficking, karahasan sa tahanan at iba pang mga seryosong krimen.

PAANO MAG-APPLY:

- **Sa personal** sa kahit saang lokasyon ng tanggapan ng SSA
- **Sa online:** mybenefitscalwin.org

Para sa higit pang impormasyon:

Website: www.alamedasocialservices.org/public/services/financial_assistance/calWorks_eligibility.cfm

General Assistance (Pangkalahatang Tulong)

Programa ng loan na pinopondohan ng county na nagbibigay ng tulong na salapi sa mga walang asang nasa hustong gulang, mga mag-asawa na walang mga umaasang anak, at mga menor de edad na wala sa pangangalaga ng mga magulang.

Ang mga aplikante at tumatanggap ng GA ay maaari rin maging nararapat para sa karagdagang tulong sa trabaho, pagkain at pangmedikal.

Pagiging Nararapat:

- Mga U.S. citizen
- Mga legal na permanenteng residente
- Mga ini-sponsor na hindi citizen
- Ang iba pang mga hindi citizen ay posibleng maging nararapat batay sa mga indibiduwal na pangyayari.

PAANO MAG-APPLY:

- **Sa personal** sa kahit saang lokasyon ng tanggapan ng SS

Para sa higit pang impormasyon:

Website: www.alamedasocialservices.org/public/services/financial_assistance/general_assistance.cfm

PANG-EMERGENCY NA TULONG SA PAG-UPA

Season of Sharing

Ang Season of Sharing ay nagbibigay ng isang beses na tulong batay sa krisis para sa permanenteng pabahay at kritikal na mga pangangailangan ng pamilya sa mga residente ng Alameda County. Layunin ng programa na tulungan ang mga nararapat na sambahayan na maibalik ang katatagan pagkatapos maranasan ang hindi inaasahang emergency na sitwasyon nang lampas sa kanilang kontrol.

Pagiging Nararapat:

Para maisaalang-alang, ang mga aplikante ay dapat kasalukuyang mga residente ng Alameda County nang hindi bababa sa 6 na tuloy-tuloy na buwan o mas matagal at natutugunan ang isa sa mga sumusunod na pamantayan:

- Matatanda na may edad na 55 at mas matanda;
- Mga indibiduwal na may kapansanan;
- Mga pamilya na mababa hanggang sa katamtaman ang kita na may mga umaasang anak na edad 18 at pababa;
- Mga beterano;
- Veterans;
- Mga biktima ng karahasan sa tahanan o mararahas na krimen sa loob ng nakaraang 6 na buwan; o
- Mga buntis na babae na nasa kanilang pangalawang trimester.

Hindi kailangan ng legal na paninirahan.

PAANO MAG-APPLY:

Para magsimula ng pagtatanong, **tawagan ang automated na linya para sa paunang pagsusuri sa 510-272-3700 (Ingles at Espanyol)**. Kung natutugunan mo ang mga pangunahing pamantayan para maisaalang-alang, makikipag-ugnayan sa iyo ang Intake Staff para sa karagdagang pagsusuri. Hindi ginagarantiya ang tulong.

Para sa higit pang impormasyon:

Website: https://alamedasocialservices.org/public/services/community/season_of_sharing.cfm

MGA SERBISYO SA TRABAHO

Welfare-to-Work (WTW)

Ang mga serbisyong ibinibigay ng SSA sa mga kasalukuyang tumatanggap ng CalWORK ay kinabibilangan ng pagsasanay sa trabaho at paglalagay sa trabaho, pang-angkop sa lipunan, pamamahala ng kaso, Bokasyonal na Ingles bilang Pangalawang Wika (Vocational English as Second Language, VESL), at mga pansuportang serbisyo tulad ng pangangalaga ng bata, transportasyon at mga gastos sa pagsasanay.

Pagiging Nararapat:

Dapat mag-apply para sa o kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs para lumahok sa WTW.

PAANO MAG-APPLY:

- **Makipag-ugnayan sa iyong nakatalagang Tagapayo sa Trabaho** para magtanong tungkol sa WTW.
- To apply for CalWORKs, **visit an SSA office** or **go online:** www.mybenefitscalwin.org

CalFresh Employment & Training Program (Programa ng Trabaho at Pagsasanay sa CalFresh)

Kasama sa mga serbisyong hinahandog ng SSA sa mga nararapat na kalahok para tulungan silang maghanap ng trabaho ang:

- Pagtatasa, Pagsusuri at Interview
- Job Club workshop sa paghahanda ng mga resume at mga application sa trabaho; mga kakayahan para sa interview; mga tip sa paghahanap ng trabaho at pagpapanatili ng trabaho.
- Tulong at mga lead sa paghahanap ng trabaho
- Bokasyonal na pagsasanay at paghahanda para sa GED
- Mga pagkakataon para sa workfare (pagtanggap ng mga benepisyo kapalit ng pagtatrabaho) sa mga non-profit na organisasyon para sa mga kalahok para makakuha ng karanasan sa trabaho.

Maaari rin tumanggap ang mga kalahok ng mga pansuportang serbisyo at tulong sa transportasyon; mga gastos sa trabaho o pagsasanay; tuition, mga fee para sa pagsusulit, mga libro at mga supply sa pag-aaral.

- Ipinagpatuloy ang MGA SERBISYO SA TRABAHO -

Pagiging Nararapat:

Kailangan maaari kang magtrabaoh at tumatanggap o nag-apply para sa Pangkalahatang Tulong/CalFresh o Transitional CalFresh. Kung tumatanggap ka ng mga benepisyo ng CalFresh na hindi tulong at isang nasa hustong gulang na walang kapansanan at walang mga umaasa, maaari ka ring lumahok sa programa. Hindi ito mandatoryong programa.

PAANO MAG-APPLY:

- **Ang mga kasalukuyang tumatanggap ng CalFresh o General Assistance** ay maaaring magtanong sa isang tanggapan ng SSA o tumawag sa 510-263-2420.
- Para mag-apply para sa CalFresh, tignan ang pahina 2.
- Para mag-apply para sa General Assistance, tignan ang pahina 3.

Mga Pang-individuwal na Serbisyo para sa Career: Programa ng Limitadong Kakayahan sa Ingles (Limited English Proficiency, LEP)

Ang mga tumatanggap ng Refugee Cash Assistance (RCA) ay kailangang lumahok sa pagsasanay at mga aktibidad ng trabaho.

Ang mga katuwang sa komunidad ng Ahensiya ng Mga Serbisyon Panlipunan ay nagbibigay ng Mga Serbisyo ng Trabaho at Vocational English as a Second Language (ES/VESL) na pagsasanay na partikular sa limitado at hindi mahusay sa Ingles (LEP) na mga kalahok. Ang layunin ay makakuha ng trabaho at masuportahan ang sarili.

Sino ang maaaring maging nararapat:

- Mga Refugee
- Mga Nag-asylum
- Mga kliyente ng CalWORKs
- Mga kliyente ng CalFresh
- Mga kliyente ng General Assistance

PAANO MAGTATANONG:

- Ang mga individuwal na gustong mag-apply para sa RCA ay dapat magsumite ng CalWORKs application **nang personal** sa isang lokasyon ng tanggapan ng SSA o sa **online** sa mybenefitscalwin.org

Cal-Learn

Ang Cal-Learn ay naglilingkod sa mga buntis at magulang na teenager na tumatanggap ng tulong na salapi sa pamamagitan ng programa ng CalWORKs. Dinisenyo ito para suportahan ang mga magulang na teenager na makuha ang kanilang high school diploma o GED at gawin ang unang hakbang para makamit ang kanilang mga layunin sa hinaharap.

Kabilang sa mga serbisyo ang: pamamahala ng kaso, pangangalaga sa bata at suporta sa transportasyon para pumasok sa eskuwela, mga mapagkukunang pang-edukasyon at mga pinansyal na insentibo para sa magandang pag-usad sa eskuwela at pagtatapos.

Pagiging Nararapat:

- Buntis o magulang na teenager na wala pa sa edad na 19 na tumatanggap ng mga benepisyo ng CalWORKs AT walang high school diploma o GED O
- Tumatanggap ng CalWORKs na may buntis o magulang na teenager sa kaso na akma sa paglalarawan na nasa itaas.

PAANO MAG-APPLY:

Dapat mag-apply para sa o kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs para lumahok sa Cal-Learn.

Para mag-apply sa CalWORKs:

- Bumisita nang personal sa anumang tanggapan ng SSA.
- Pumunta sa online:
www.mybenefitscalwin.org

Para magtanong tungkol sa Cal-Learn:

- Makipag-ugnayan sa iyong nakatalagang Tagapayo sa Trabaho.

Para sa higit pang impormasyon:

Website: www.alamedasocialservices.org/public/services/employment_and_training/cal_teen.cfm

– Ipinagpatuloy ang
MGA SERBISYO SA TRABAHO –

Programa sa Paghahanda sa Career ng Kabataan: Pangtag-init at After School na Programa ng Kabataan para sa Trabaho at Edukasyon (Summer and After School Youth Employment and Education Program, SASYEP)

Ang lumalahok na kabataan ay maaaring makakuha ng \$10 bawat oras sa 20-oras na linggo ng summer job, para sa hanggang 150 oras ng karanasan sa trabaho. Dagdag pa rito, ang mga kalahok ay maaaring makakuha ng mga pinansyal na bonus para sa pagtugon sa kanilang mga pang-edukasyong pangangailangan. Ang mga serbisyo ay ibinibigay ng Lupon sa Pagpapaunlad ng Mga Manggagawa ng Alameda County.

PAANO MAGTATANONG:

Makipag-ugnayan sa isang provider ng mga serbisyo sa kabataan: <https://www.acwdb.org/youth.page>

Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Trabaho

Ang Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Trabaho ng Estado ng California (Employment Development Department, EDD) ay naghahandog ng iba't ibang serbisyo na may kaugnayan sa trabaho, kabilang ang:

- Paghahanap ng trabaho at mga workshop para sa resume
- Mga job fair, referral at pagsasanay
- Mga benepisyo ng Insurance para sa Walang Trabaho, Pagkabalda sa trabaho, at May Bayad na Pagliban para sa Pamilya para sa mga kwalipikadong manggagawa

Para sa higit pang impormasyon:

Website: edd.ca.gov

**MGA SERBISYO SA NASA
HUSTONG GULANG AT MATANDA**

Mga Serbisyon Pamprotekta sa Nasa Hustong Gulang (Adult Protective Services, APS)

Tumutugon ang APS sa mga sumbong mula sa mga indibiduwal, nagmamalasakit na mamamayan, mga serbisyon panglipunan at mga provider sa kalusugan, at mga kinatawan ng nagpapatupad ng batas tungkol sa mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan sa paglaki, mga nasa hustong gulang na may pisikal at pangkaisipang kapansanan, at ang matanda na maaaring pisikal o pinansyal na inaabuso o sinasamantala.

Pagiging Nararapat:

Anuman ang kita, sinumang pinaghihinalaang inaabuso o pinababayaang na:

- Nasa edad na 18 hanggang 64 na may pangkaisipan o pisikal na kapansanan O
- Nasa edad na 65 o mas matanda.

PARA MAGSUMBONG NG PANG-AABUSO:

- **Tumawag sa 1-866-225-5277** or 1-866-CALL-APS

Ahensiya sa Lugar para sa Matanda (Area Agency on Aging)

Pinipigilan ang pagbubukod, maagang paglalagay sa institusyon, pang-aabuso at mga negatibong kalalabasan sa kalusugan para sa matatanda (edad na 60 o mahigit).

Kabilang sa mga serbisyo ang: Pang-umagang Pangangalaga sa Nasa Hustong Gulang, Pamamahala ng Kaso, Mga Serbisyo sa Komunidad, Pag-iwas sa Sakit, Pag-iwas sa Pang-aabuso sa Matanda, Suporta sa Caregiver ng Pamilya, Pagpapabuti ng Kalusugan, Insurance sa Kalusugan, Mga Serbisyo ng Pagpapayo at Pagtataguyod (HICAP), Impormasyon at Tulong, Mga Serbisyo ng Abugado, Mga Programa para sa Nutrisyon, Programa ng Ombudsman, Trabaho ng Matanda, Pag-iwas sa Pinsala sa Matanda

PAANO MAGTATANONG:

- **Tawagan ang Impormasyon at Tulong para sa Matanda** at 1-800-510-2020 o 510-577-3530.

**- MGA SERBISYO SA NASA HUSTONG
GULANG AT MATANDA -**

**Mga Pansuportang Serbisyo sa
Tahanan (In-Home Supportive
Services)**

Ang programa ng IHSS ay nagbibigay ng tulong sa nararapat na matanda, bulag at mga may kapansanang indibiduwal para ligtas silang mananatili sa kanilang mga sariling tahanan. Ang IHSS ay nagbibigay ng mga serbisyo ayon sa kakayahan ng kliyente na gumawa ng mga araw-araw na aktibidad, at maaaring kabilangan ng pagpapakain, pagligo, pagbibihis, paglilinis ng bahay, paglalaba, pamimili, paghahanda ng pagkain at paglilinis, paghinga, pangangalaga para sa pagdumi at pag-ihing, paghiga at pagbangon sa kama, pagsama sa mga medikal na appointment, mga paramedikal na serbisyo at pagsubaybay bilang pagprotekta.

Pagiging Nararapat:

Hindi makatira nang ligtas sa tahanan nang walang tulong AT:

- Tumatanggap ng Medi-Cal;
- Bulag;
- May Kapansanan; O
- Nasa eda na 65 o mas matanda

PAANO MAG-APPLY:

- **Tawag** 510-577-1900
- **Sa personal** sa IHSS Lobby sa pagitan ng Lunes-Biyernes, 8:30 am - 5:00 pm sa Eastmont Town Center
6955 Foothill Boulevard
1st floor - Suite 143
Oakland, CA 94605

**MGA SERBISYO SA MGA BATA
AT PAMILYA**

**Pag-iimbestiga ng Pang-aabuso at
Kapabayaang**

**Pagtugon sa Emergency/Hotline para sa
Pang-aabuso sa Bata para sa Mga Serbisyong
Pamproteksyon sa Bata ng County:**

24 na Oras na Hotline: 510-259-1800

Tumutugon ang hotline sa nagpapatupad ng batas, mga ospital, mga inutos na taga-ulat at ang pangkalahatang publiko na tumatawag para isumbong ang pang-aabuso ng bata o para makakuha ng impormasyon. Nagbibigay rin ang hotline ng konsultasyon sa mga psoibleng referral at nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa komunidad.

Sa mga oras ng opisina (7:30 am - 5:30 pm Lunes-Biyernes), ang hotline ng mga referral at mga sumbong tungkol sa mga batang pinaghihinalaang nanganganib dahil sa pang-aabuso, kapabayaang o pananamantala, ay tinatanggap ng Emergency Response screening unit.

Pagkatapos ng oras ng opisina (7:00 pm - 7:00 am) at kapag Lunes-Biyernes/mga holiday, ang mga tawag ay tinatanggap sa Eden Information and Referral (Eden I&R) at ipinapasa sa mga manggawang nagtatrabaho pagkatapos ng oras ng opisina.

**Muling Pagsasama-sama ng Pamilya
at Pagpapanatili**

Ang **Muling Pagsasama-sama ng Pamilya (Family Reunification, FR)** ay nilalayong muling isama ang bata sa kanyang magulang sa isang ligtas, matatag at sumusuportang tahanan. Ang lahat ng kaso sa FR ay kinasasangkutan ng mga bata na inalis sa pangangalaga at kustodiya ng magulang. Ang mga serbisyo para tumulong sa muling pagsasama-sama ng pamilya ay ibinibigay para sa iba't ibang panahon, na itinatag ng batas ng estado at pederal.

Ang **Pagpapanatili ng Pamilya (Family Maintenance, FM)** ay nakikipagtulungan sa mga pamilya na ang mga anak ay ginawang mga umaasa ng hukuman dahil sa pang-aabuso o kapabayaang, ngunit nananatili sa tahanan habang pinahihintulutan ng pagsusuri ng kaligtasan habang ibinibigay ang mga serbisyo. Ang layunin ay panatilihin at patibayin ang buong pamilya kung saan maaari.

– Ipinagpatuloy ang MGA SERBISYO SA MGA BATA AT PAMILYA –

Ang **Hindi Pormal na Pagpapanatili ng Pamilya** ay isang pamamagitan na hindi mula sa hukuman para sa mga pamilya na pumapayag na lumahok sa mga boluntaryong serbisyo at isang programa ng hindi pormal na pamamahala ng kaso.

Para sa higit pang impormasyon:

https://alamedasocialservices.org/public/services/children_and_family/index.cfm

Mga Serbisyo para sa Pangangalaga

Ang mga kamag-anak at mga hindi kamag-anak ay maaaring maging mga Legal na Tagapag-alaga ng isang bata na nasa pangangalaga ng ibang tao. Ang unit ng Legal na Pangangalaga ng Ahensiya ng Mga Serbisyon Panlipunan ay nakikipagtulungan sa mga tagapag-alaga na nakatira sa Alameda County na mga hindi kamag-anak at tumatanggap ng subsidiya para sa pangangalaga ng ibang tao.

Nananatiling may kaugnayan ang Mga Manggagawa ng Child Welfare sa tagapag-alaga at kabataan, nakikipagkita sa kanila ng pinakamababang dalawang beses sa isang taon (tuwing 6 na buwan), nagbibigay ng mga serbisyo sa pamamahala ng kaso na binibigyang-diin ang mga referral at pamamagitan.

Para sa higit pang impormasyon:

https://alamedasocialservices.org/public/services/children_and_family/faq.cfm

Mga Serbisyo ng Pangangalaga ng Ibang Tao

Ang **Mga Serbisyo para sa Paglalagay sa Lugar** ay nagbibigay ng tumutugon at komprehensibong mga serbisyo sa mga batang nangangailangan ng wala sa bahay na paglalagay. Ang paglalagay sa tahanan ng isang available at pumapayag na kamag-anak ay ang unang pagpipilian para sa wala sa bahay na paglalagay para sa bawat bata.

Tinutukoy ng **Pagiging Nararapat para sa Pangangalaga ng Ibang Tao** ang inisyal at nagpapatuloy na pagiging nararapat ng mga bata sa wala sa bahay na pangangalaga para sa Medi-Cal at mga programa ng tulong pinansyal tulad ng Aid to Families with Dependent Children – Foster Care (AFDC-FC). Ang mga pagbabayad ng AFDC-FC ay ginagawa sa mga tagapag-alaga para sa pangangalaga at suporta ng mga inaalagaang bata na inilagay sa kanilang tahanan.

Linya ng Impormasyon para sa Pangangalaga ng Ibang Tao: 510-268-2500

Maaaring tumawag ang mga tagapag-alaga at mga provider nang may mga tanong na may kaugnayan sa pagiging nararapat tungkol sa isang bata na kailangan ng pangangalaga ng ibang tao.

Mga Pag-aampon

Ang Ahensiya ng Mga Serbisyon Panlipunan ng Alameda Countyt yay lisensya bilang isang Pampublikong Ahensiya sa Pag-aampon ng Kagawaran ng Mga Serbisyon Panlipunan ng California. Ang Programa para sa Mga Pag-aampon ay nagbibigay ng mga serbisyo na may kaugnayan sa pag-aampon ng mga bata na umaasa ay na tinatawag bilang pag-aampon ng ahensiya.

Ang Programa para sa Pag-aampon ay nagbibigay din ng nagsasarili at mga serbisyo sa pag-aampon ng pangalawang magulang para sa mga hindi umaasang bata.

Para sa higit pang impormasyon:

Mga Pag-aampon, Pangkalahatang Impormasyon: 510-268-2422

Impormasyon tungkol sa Pag-aampon, Pangalawang Magulang, Lisensya para sa Pangangalaga ng Ibang Tao: 510-259-3575

Pag-aampon na Hindi Gumagamit ng Ahensiya: 510-268-2428

Pag-aampon ng Pangalawang Magulang: 510-268-4276

Mga Pansuportang Serbisyo ng Kamag-anak (Kinship Support Services, KSSP)

Kasama sa mga pansuportang serbisyo sa pamilya mula sa komunidad para sa mga kamag-anak na tagapag-alaga at ang kanilang mga anak sa kanilang mga tahanan ang:

Mga Pansuportang Serbisyo sa Pamilya ng Bay Area

Telepono: 510-834-2443

401 Grand Ave #500, Oakland, CA 94610

Lincoln Child Center

Telepono: 510-583-8026

1149 A Street, Hayward, CA 94541

WALANG BAYAD NA MGA SERBISYO PARA SA PAGHAHANDA NG BUWIS

Volunteer na Programa para sa Pagtulong sa Income Tax (Volunteer Income Tax Assistance, VITA)

Walang bayad na mga serbisyo para sa paghahanda ng buwis na makukuha ng mga kliyente ng Social Service Agency at mga indibiduwal at sambahayan na mababa ang kita sa buong Alameda County. Ang aming mga volunteer na tax preparer na sertipikado ng IRS ay tumutulong na matiyak na matatanggap ng mga mababang kita na nagbabayad ng buwis ang bawat credit at pagbawas na nakuha nila.

Nagtatrabaho ang programang VITA taun-taon mula sa pagtatapos ng Enero hanggang sa kalagitnaan ng Abril.

PAANO MAG-APPLY:

Kailangan ng mga appointment sa mga lugar para sa paghahanad ng buwis sa SSA. Pumunta sa online para mag-schedule: <https://alamedasocialservices.org/eitc.cfm>

Para sa higit pang impormasyon:

- **Tumawag sa** (510) 271-9141
- **Mag-email sa** vita.eitc@acgov.org
- **Website:** www.alamedasocialservices.org/public/services/community/eitc/free_tax_services.cfm

MGA MAPAGKUKUNAN NG IMPORMATION AT SUPORTA SA KOMUNIDAD



Koalisyonang Afghan

Afghan Coalition

510-745-1680

www.afghancoalition.org



Samahang Legal at para sa Edukasyon ng Imigrante ng County ng Alameda

Alameda County
Immigration Legal and
Education Partnership
510-241-4011



Legal Outreach

Legal na Pagtulong sa Asyanong Taga-Isla Pasipiko

Asian Pacific Islander
Legal Outreach
510-251-2846

www.apilegaloutreach.org



Legal na Tulong sa Bay Area

Bay Area Legal Aid
800-551-5554

<https://baylegal.org>



Pagkakawang-gawa ng Simbahang Katoliko sa East Bay

Catholic Charities of the East Bay
510-768-3100

www.cceb.org



Centro Legal de la Raza

510-437-1554

<https://centrolegal.org>



Tanggapan para sa Legal na Tulong sa East Bay

East Bay Community Law Center
510-548-4040

<https://ebclc.org/>



Sentrong Nagbibigay- Serbisyo sa mga Imigrante

International Institute of the
East Bay

510-451-2846

<https://iibayarea.org>